


10

# Filipino

## Ikaapat na Markahan – Modyul 6: El Filibusterismo



**Filipino – Ikasampung Baitang  
Alternative Delivery Mode  
Ikaapat na Markahan – Modyul 6: El Filibusterismo  
Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o *brand name*, tatak o *trademark*, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa aklat na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa aklat na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon  
Kalihim: Leonor Magtolis Briones  
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

<b>Manunulat:</b>	Renato I. Molina, Constancia J. Acacio,	John Patrick A. Ellorin, Evangeline E. Soriano
<b>Editor:</b>	Evangeline E. Soriano,	Joel B. Caballero, Edmundo A. Bisquera
<b>Tagasuri:</b>	Arabella May Z. Soniega, Gina A. Amoyen,	Editha T. Giron, Rea Myricar T. Arellaga
<b>Tagaguhit:</b>	Abraham G. Ocan,	Amy C. Agustin
<b>Tagalapat:</b>	Abraham G. Ocan,	Liezl O. Arosio
<b>Tagapamahala:</b>	Tolentino G. Aquino Arlene A. Niro Gina A. Amoyen Editha T. Giron	Fatima R. Boado Russell Jim V. Tamayo Edmundo A. Bisquera Joel B. Caballero

**Inilimbag sa Pilipinas ng \_\_\_\_\_**

**Department of Education – Region I**

Office Address: Flores St., Catbangen, City of San Fernando, La Union  
Telefax: (072) 682-2324; (072) 607-8137  
E-mail Address: region1@deped.gov.ph

# 10

## **Filipino**

**Ikaapat na Markahan – Modyul 6:  
El Filibusterismo**

## **Paunang Salita**

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



## ***Alamin***

Pagbati sa iyo!

Ako’y natutuwa na nakaabot ka sa modyul na ito.


Sa modyul naman na ito ay bubusugin ka ng mga gawain na iikot sa paksang “Si Simoun, Ang Maghihimagsik” na siyang maghahatid sa iyo sa pagtamo sa sumusunod na mga kasanayan:

- a) Nasusuri ang nobela batay sa pananaw/teoryang:
  - Romantisismo
  - Humanismo
  - Naturalismo
  - at iba pa. **F10PB-Ivij-93**
- b) Nabibigyang-pansin, sa tulong ng mga tiyak na bahagi ang ilang katangiang klasiko sa akda. **F10PB-IVi-j-94**
- c) Nabibigyan ng kaukulang pagpapakahulugan ang mahahalagang pahayag ng awtor/ mga tauhan. **F10PT-Ivi-j-86**
- d) Naisusulat ang paglalarawan ng mahahalagang pangyayari sa nobela na isinaalang-alang ang artistikong gamit ng may-akda sa mga salitang panlarawan. **F10PU-IVi-j-89**

Bilang pangwakas na gawain, inaasahang ikaw ay makagawa ng sariling talaan ng mga pananaw na naging epektibo sa iyo upang mapagtagumpayan ang isang pagsubok.

Batid kong ang lahat ng ito ay kaya mo at handa ka nang magsimula.

Halina’t tapusin na natin!



## Subukin

### Gawain 1: Iugnay Natin

Marami tayong nababalitaan sa iba't ibang media na mga naghihimagsik o di kaya ay nawawalan ng tiwala sa mga umiiral na batas sa kaniyang lipunan na nagbubunsod upang maghimagsik o tumaliwas ang ilang napagkaitan ng karapatan.

Narito ang ilang mga larawan, tukuyin ang posibleng dahilan ng pagkilos ng mga nasa larawan.



**Panuto:** Lagyan ng tsek ( 3 ) ang pangungusap na nagpapakita ng dahilan na maaaring iugnay sa mga larawan at ekis ( 8 ) naman kung hindi akma sa larawan. Isulat sa iyong sagutang papel ang tamang kasagutan.

- \_\_\_\_\_ 1. Pagtaas ng presyo ng mga bilihin.
- \_\_\_\_\_ 2. Kulang na ang kinikita ng mga manggagawa.
- \_\_\_\_\_ 3. Mababang presyo ng pagbili sa mga produkto ng mga magsasaka.
- \_\_\_\_\_ 4. Pagtanggap sa kontraktuwalisasyon sa lahat ng pagawaan.
- \_\_\_\_\_ 5. Pagkamkam sa mga lupaing sinasaka ng mahihirap.
- \_\_\_\_\_ 6. Mataas na patubo sa mga pautang
- \_\_\_\_\_ 7. Hindi makatarungang pasahod
- \_\_\_\_\_ 8. Paggamit ng makabagong makinarya sa paggawa at produksyon
- \_\_\_\_\_ 9. Kakulangan ng suporta ng gobyerno
- \_\_\_\_\_ 10. Pagdami ng walang trabaho.

## Gawain 2: Baka Alam Mo Na!

**Panuto:** Basahin ang sumusunod na tanong o pahayag at isulat ang letra ng napiling sagot sa iyong sagutang papel.

1. Saan nagsimula ang mga pangyayari sa El Filibusterismo?
  - A. sa handaan
  - B. sa Bapor Tabo
  - C. sa Kagubatan
  - D. sa tahanan ni Pilosopo Tasyo
2. Sino ang unang nakatuklas na si Ibarra at Simoun ay iisa?
  - A. Donya Victorina
  - B. Maria Clara
  - C. Ben Zayb
  - D. Basilio
3. Ano ang kalagayan sa lipunan ng Pilipinas na ipinakikita sa Bapor Tabo?
  - A. Malayong agwat ng mayayaman sa mahihirap
  - B. Ang pagiging mapagkunwari ng mga kababaihang Pilipino
  - C. Mataas ang mithiin ng mga Pilipino at dayuhan na umunlad ang Pilipinas.
  - D. Ang mga mayayaman ay may matinding adhikain na matulungan ang mga mahihirap.
4. Si Ibarra ay nagpalit lamang ng karakter sa El Filibusterismo at nakilala bilang\_\_\_\_\_.
  - A. mayamang Pari
  - B. mayamang Politiko
  - C. mayamang Haciendero
  - D. mayamang mag-aalahas
5. Sa teoryang ito masasalamang paglalaban ng mahihirap at mayayaman sa lipunan.
  - A. eksistensiyalismo
  - B. feminismo
  - C. marxismo
  - D. realismo

## Aralin

# 1

## Si Simoun, ang Maghihimagsik

Upang lubos nating mapag-ugnay-ugnay ang mga kaalaman na ating nililintang, mas mainam kung muli nating balikan ang unang nobela ni Rizal na Noli Me Tangere.



### Balikan

**Panuto:** Tukuyin ang tauhang nagwika ng sumusunod na pahayag. Piliin sa kahon ang sagot. Pagkatapos ay bigyan ng maikling paliwanag o pagpapakahulugan ang bawat pahayag, isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.

Pilosopo Tasyo  
Ibarra

Gurong Pari  
Elias

Don Rafael


- \_\_\_\_\_ 1. "Mahal ko ang aking bayan pagkat utang ko rito at magiging utang pa ang aking kaligayahan." (kab. 49)  
Pakahulugan: \_\_\_\_\_
- \_\_\_\_\_ 2. "Tunay pong hindi ako maaaring umibig ni lumigaya sa sariling bayan ngunit nakahanda akong magtiis at mamatay rito. Hangad ko na ang Inang Bayan ay maging kasawian ko rin." (kab. 61)  
Pakahulugan: \_\_\_\_\_
- \_\_\_\_\_ 3. "Dapat bigyang dangal ang isang mabuting tao habang buhay pa kaysa kung patay na." (Kab. 14)  
Pakahulugan: \_\_\_\_\_
- \_\_\_\_\_ 4. " ... Ang karunungan ay para sa tao, ngunit huwag mong lilimuting iya'y natatamo ng mga may puso lamang." (kab. 8)  
Pakahulugan: \_\_\_\_\_
- \_\_\_\_\_ 5. "May mga lalong dakilang bagay na dapat mong isipin-ang hinaharap ay mabubuksan pa lamang para sa iyo, sa akin ay ipipinid na; ang dugo ng kabataan na kumukulo sa iyong mga ugat ay sing-init ng araw, sa akin nama'y halos sinlamig ng hukay." (kab. 7)  
Pakahulugan: \_\_\_\_\_





## Tuklasin


**Panuto:** Tingnang maigi ang mga larawan at sagutin ang mga tanong sa ibaba. Isulat ang letra ng napiling sagot sa iyong sagutang papel.



1. Alin sa mga pahayag ang may kaugnayan sa larawan?
  - A. Malayong agwat ng buhay ng mahirap at mayaman sa lipunan.
  - B. Itsura ng lipunang hindi pantay ang trato sa bawat isa.
  - C. Resulta ng panggigipit at kurapsyon.
  - D. Panlalamang sa kapwa.
2. Piliin sa mga pahayag ang hindi maituturing na tamang hakbang ng pamahalaan bilang tugon sa unang larawan.
  - A. Pagtugon sa malnutrisyon
  - B. Pagbibigay ng sustento sa mahihirap
  - C. Pagkakaroon ng trabaho para sa lahat.
  - D. Pag-aaral ng mga kapos sa pera subalit nais mag-aaral
3. Tulad ng ikalawang larawan, ang kawalan ng trabaho o pinagkakakitaan ay nagresulta sa \_\_\_\_\_
  - A. kakulangan sa pinag-aralan
  - B. overpopulation
  - C. kurapsiyon
  - D. kahirapan
4. Upang mapaliit ang agwat ng kalagayan ng mga nasa larawan, ano ang pinakaakmang paraan?
  - A. Pagkakaroon ng pantay na pagkakataon sa mayaman at mahihirap
  - B. Pagbibigay ng tulong pangkabuhayan sa mahihirap
  - C. Pagbuo ng pangkat at pagwewelga sa lansangan
  - D. Pakikiisa sa mapaghimagsik na pangkat
5. Sa iyong palagay, paano mababago ng isang tao ang kanyang kasalukuyang kalagayan?
  - A. Kailangang mag-aral nang mabuti upang maging pasaporte sa paghahanap ng maayos na trabaho
  - B. Kailangang huminto sa pag-aaral upang hindi na maging pabigat sa alalahanin ng pamilya
  - C. Kailangang mag-asawa upang may katuwang sa buhay.
  - D. Pagsali sa mga nakikipaglaban sa karapatang pantao

## KABANATA 1 >>> SA KUBYERTA

Ang Bapor Tabo ay naghatid ng mga manlalakbay na patungo sa lalawigan ng Laguna ay naghihirap sa pagsalungat sa mauli-ulig na agos ng ilog Pasig isang umaga sa buwan ng Disyembre. Ang bapor na ito ay may anyong mabigat, halos mabilog na parang tabo na pinaghanguan ng kanyang pangalan. At dahil nga sa korte nito ay may kahirapan itong kontrolin. Sumasabay ito sa agos ng ilog na animo walang tiyak na patutunguhan.



Bagama't may karumihan ay ibig namang magpanggap na siya ay maputi, maharlika at pormal sa kaniyang pamimilit na lumakad nang banayad. Kahit na gayon at tinitingnan siya sa pook na iyon na may paglingap, sanhi marahil sa kanyang pagiging Tagalog, dili kaya'y sa kaniyang pagtataglay ng mabuting pagugaling katutubo ng mga bagay-bagay na nauukol sa lupaing ito.

Hindi ganap na bapor ang Bapor Tabo, isang kabuuang hindi nagbabago, may kakulangan nguni't hindi matutuligsa, at kapag nagnais siyang maging lalong maunlad ay nasiyahan nang buong pagmamataas sa minsang pagkulapol ng pintura.

Sumasalamin ang bapor na iyon sa mga katutubong Pilipino. Kung lalakipan ng kaunting mabuting kalooban at maituturing ang sasakyang ito na Daong ng Pamahalaan at niyari sa ilalim ng pagsisisyasat ng mga Reverencia at Ilustrismos.

Ang mga kulay kayumanggi na pasahero o mga Indiyos ay nanatili sa ilalim ng kubyerta samantalang ang mga prayle at mga taong nakasuot ng pang-Europeo ay masayang nakaupo sa itaas ng kubyerta. Ang kanilang kinalalagyan ay sumasalamin sa kanilang katayuan sa lipunan. Ang mga prayleng kastila ay nasa ibabaw kung saan may maaliwalas na kinalalagyan samantalang ang mga indiyong Pilipino ay nasa ilalim ng kubyerta kung saan maiinit, madilim, at siksikan ang mga tao.

Ang Kapitan ng barko ay isang mabuting ginoo na sa katandaan ay puno ang katauhan ng mga malawak na karanasan, sinisikap ng kapitan na magkaroon nang maayos na paglalayag sa pamamagitan ng pagbabantay sa mga marinero upang maiwasan ang panganib. May isang araw na inusig ni Donya Victorina ang mga Indiyos na naglalaba at naliligo sa ilog. Ayon sa kaniya ay sagabal ang mga ito sa paglalayag ng bapor sa ilog. Gayun pa man, ikinasama ng loob ng Donya ang hindi pagpansin ng mga kasama sa kaniyang mga paghihimutok. Lulan din nito ang tatlong pari, Don Custodio, ang manunulat, na si Ben Zayb, Padre Irene at ang mag-aalahas na si Simoun. Maangal si Donya Victorina sa pagpapaandar ng barko at inihalintulad ang daong sa isang alimango sa halip na pagong. "Ngunit, Kapitan, bakit patungo sa dakong iyon ang inyong mga mangmang na timonel?" Tanong ng galit na ginang. "Magsasadsad po tayo sa malawak na palayang iyan", walang bahalang sagot ng Kapitan.

Sa gitna ng paglalayag ay napag-usapan ng mga nasa kubyerta ang gagawing pagtutuwid sa ilog. Ito ang naging sanhi ng mainit na sagutan nina Ben Zayb na isang artilyero kay Padre Camorra. Hindi naging maganda para kay Padre Salvi, paring Prasiskano ang naturang pagtatalo kung kaya't ipinaliwanag ng pari

ang kaniyang palagay sa usapin ngunit natahimik ang lahat nang magsalita ang mag-aalahas na si Simoun.

“Ang lunas dito ay napakadali at sa totoo lamang hindi ko malaman kung bakit walang makaisip nito”. Ani Simoun. Dagdag pa ng binata, madali lamang daw ang lunas niyon at hindi kailangang gumugol. Ang kailangan lamang na gawin ay humukay ng panibago at tuwid na ruta para sa bapor at sarhan ang daluyan ng dating ilog sa pamamagitan ng mga lupang nahukay. Tinutulan naman ito ni Don Custodio. Ayon sa ginoo maraming bayan ang maaapektuhan at maaaring masira. Hindi siya sumang-ayon sa baluktot na pangangatuwiran ni Simoun na tungkol sa pag-aalipin sa mga naninirahan sa bayan.

“Ngunit Ginoong Simoun, maaaring magbunga ng kagulugan ang paraang iyan,” wika ni Don Custodio. Nakalito sa halos lahat ng naroon ang panukala ni Simoun dahil sa nasanay na ang mga ito sa mga pansamantalang lunas lamang. Matapos magsalita si Simoun at nagbigay ng kani-kaniyang opinyon ukol kay Simoun ang mga naiwan. Pinatunayan ni Simoun ang mga naiwan. Pinatunayan ni Simoun na siya’y mapagmalaki at walang pitagan.

Ipinamukha niya kay Don Custodio na kulang ang kaniyang kaalaman sa kasaysayan at ito’y ikagagalit ninuman. Pagkaraan niyon ay nais marinig ng mga kaharap ni Don Custodio ang kaniyang panukala. Kapag walang panganib ay nais ninyo akong magsalita ha? Ngunit kung mayroon ay wala kayong kibo,” Sambit ni Don Custodio. Sinabi niya na dapat isa ring solusyon ang palalimin ang ilog. Maaari itong gawin sa paraang ang lahat ng naninirahan malapit sa ilog ay mag-aalaga ng itik sa gayon ay sa paglangoy ng mga itik ay unti-unting lalalim ang ilog ngunit hindi ito sinag-ayunan ni Donya Victorina. Wika ng ginang, kapag nangyari iyon ay dadami ang nakadidiring mga balot.

## **KABANATA II** **SA ILALIM NG KUBYERTA**

Matapos ang mainit na usapin sa itaas na kubyerta nagtungo si Simoun sa ilalim ng kubyerta at kinumusta si Isagani. Tinanong ng mag-aalahas kung may katotohanang ang mga tao sa kanilang lalawigan ay hindi makabili ng alahas dahil sa karalitaan.

“Hindi kami bumibili sapagkat hindi kakulangan sa aming buhay”, ang nagparamdam ng binata na wala itong interes sa mga ibinebenta ng mag-aalahas. Pagkatapos noon ay inalok ni Simoun ng serbesa ang dalawa ngunit ang mga ito ay tumanggi. Napagtalunan nila ang tungkol sa sinabi ni Padre Camorra na ang mga tao ay kulang sa lakas at sigla sa kaiinom ng tubig.

“Kung gayo’y sabihin ninyo kay Padre Camorra na kung tubig sana ang iniinom niya sa halip na alak o serbesa, marahil makabubuti sa lahat, magtatagumpay kami at hindi siya magiging bulung-bulungan”, ang pagmamatuwid ni Isagani.

“Sabihin ninyo sa kaniya na kahit ang tubig ay matabang ay naiinom, napapawi ang bisa ng alak at serbesa at pumapatay ng apoy, kapag pinainit ay nagiging malawak na dagat, at minsa’y nagwasak sa “sangkatauhan at nagpayanig ng buong daigdig”, ang dugtong pa ni Isagani.

Namangha si Simoun sa naging pagtugon ng binata at di niya napigilang tignan ito. “Mabuting sagot!”, ang wika ni Simoun. “Si Padre ay mapanlait at mahirap papaniwalain. Baka itanong sa akin kung kalian magiging singaw at magiging karagatang malawak ang tubig.”

Sa kabila ng pagpigil ng kaibigang si Basilio ay hindi nagpaawat sa pagsagot si Isagani kay Simoun. Pagkatapos ay walang paalam na umalis si Simoun. Mayamaya ay may lumapit sa magkaibigan na utusan ng bapor at sinabing ipinatatawag siya ng kaniyang amain na si Padre Florentino. Naiiba si Padre Florentino sa ibang mga paring Indiyos, siya ay matuwid at tahimik wala sa kagustuhan ni Padre Florentino na magpari subalit pinilit siya ng kaniyang ina na nagmula sa mayamang angkan.

Inalala pa niya na siya ay dalawampu't limang taong gulang nang maging pari na tunay na ipinagdiwang ng lahat. Mapayapa at masayang yumao ang kaniyang ina dahil dito. Samantalang itinuturing naman niyang pinakamatinding dagok sa kaniyang buhay ang pagpapakasal ng nobya sa ibang binata dahil sa sama ng loob. Ito ang dahilan ng kaniyang pagiging malungkutin ngunit nagligtas sa kaniya sa kasamaan.

Nanirahan siya sa lupaing minana pagkatapos ng kaguluhan sa Cavite. Doon na niya kinupkop si Isagani. Inanyayahan ng Kapitan si Padre Florentino kaya't pinatawag na lamang si Isagani at sinabing huwag magpakita sa kapitan upang huwag paakyat at hindi mausisa ni Donya Victorina.

### **KABANATA III >>>> MGA ALAMAT**

Nagtatawanan na ang mga tao sa kubyerta ng magtungo roon si Padre Florentino. Ang Vice-Rector na si Padre Sibyla ay dumaing sa dami ng pagkakagastahan at tumututol sa mga namumuwisang sa asyenda. Pinahinto ni Padre Camorra si Padre Sibyla sa kaniyang pagdaing baka ito ay umiyak na siya namang pagbabalik ni Simoun na tinanong si Don Costudio kung saan nagmula. Sinagot naman siya nito at sinabing sayang at hindi nito nakita ang mga magagandang tanawin.

Ayon kay Simoun mas mahalaga sa kaniya ang alamat na sinang-ayunan din ng kapitan ng bapor. Sinabi pa ng kapitan na may mga alamat tungkol sa ilog Pasig. Isa na rito ang malapad na bato na naging tirahan pa bago dumating ang mga Espanyol. Paglipas ng panahon ay pinanahanan ito ng mga tulisan. Ang bulung-bulungan pa ay lumulubog ang mga bangkang nadaraan dito. Isinalaysay naman ni Padre Florentino ang tungkol sa alamat ni Donya Geronima.

Ayon sa alamat, isang lalaki ang hindi tumupad sa pangakong pagpapakasal sa isang dalaga. Nabalitaan ng dalaga na ang binata ay arsobispo na sa Maynila at siya ay nagbihis lalaki at hiniling na tuparin ang pangako nito, dahil imposible na ito nagpahanda ang arsobispo ng isang kuweba na puno ng bangin ang lusutan. Sa kuwebang iyon na namatay at inilibing si Donya Geronima. Napabantog siya bilang engkantada dahil sa pagtatapon ng mga kasangkapang pilak na ginagamit kung may piging para sa mga kilalang tao.

Nakalimutan na rin ng mga tao ang Alamat ni Donya Geronima sa paglipas ng panahon matapos matibag ang kuweba. Biglang nagwika si Simoun kay Padre Salvi na mas mabuti pang ikulong ang isang binigo sa pag-ibig sa Beateryo tulad ng Santa Clara sa halip na sa kuweba. Sinabi naman ni Padre Salvi na hindi dapat pinagtutuunan ng pansin ang mga bagay na hindi mangyayari. Matapos ang ilan pang pagitan ng opinyon ay isinalaysay naman ni Padre Salvi ang Alamat ng Buwayang Bato.

Sabi ni Padre Salvi, noon raw ay napakaraming buwaya sa mga ilog at lawa. Malalaki at malalakas ang mga ito. Isang araw may tsinong hindi nabinyagan sa

simbahan ang napadaan. Nakakita ang tsino ng isang demonyong mukhang buwaya. Sa sobrang takot ay natawag ng intsik ang Santong San Nicolas at naging bato ang demonyong buwaya.

Natuwa naman si Ben Zayb na maganda ang alamat at nais niya itong ilathala upang mabasa pa ng ibang tao.

Napansin ni Ben Zayb na malalim ang iniisip ni Simoun kaya't tinanong niya ito, sinagot ni Simoun ang dalawang bagay. Una, ano ang nangyari sa demonyong napaloob sa malapad na bato? Ikalawa, ang mga hayop ba ang nakikita sa Museo sa Europa? Pumasok na sa lawa ang Bapor at tumambad sa kanila ang magagandang tanawin. Naalala ni Ben Zayb ang pumanaw na si Ibarra at tinanong niya si Kapitan kung saan ito napatay. Itinuro ni Kapitan ang nalalaman niyang lugar at isinalaysay ang naganap labintatlong taon na ang nakalilipas. Kinutya ni Padre Sibyla ang bangkay ni Ibarra at ang kaniyang ama ng mga Pilibustero. Sinabi ni Padre Camorra na ang mga pilibustero ay hindi makababayad ng marangal na libing.

## KABANATA VII >>> SI SIMOUN

Nakakita ng liwanag si Basilio ng magbalik sa bayan. Nakarinig siya ng mga yabag ng paa patungo sa kaniyang direksiyon.

Huminto ang anino sa puno ng balite at nakita niya sa anino nito na ito ay may kinuha sa kaniyang bulsa ang talim ng isang asarol. Nakilala niya ang lalaki na si Simoun, ang mag-aalahas. Kinilabutan si Basilio ng mamukhaan ito habang naghuhukay ng isang puntod. Siya ang lalaking tumulong sa kaniya para ilibing ang ina. Bakas pa rin sa mukha nito ang lungkot kasabay ng kaniyang pag-aantanda.


Ang mag-aalahas na si Simoun ang pinagkamalan ng iba't ibang katauhan ng Kapitan Hereral at ang lalaking tumulong sa kaniya. Sa dalawang hindi kilala nagpakita sa kaniya noon ay sino si Ibarra? Siya kaya o ang bangkay ng isang lalaking sinunog?

Nagpakita si Basilio kay Ibarra at nag-alok ng tulong ngunit tinutukan ni Simoun ng baril si Basilio.

“May labintatlong taon na po ginoo nang ako’y tulongan ninyo. Kayo po ang tumulong sa akin sa paglibing ng aking ina. Ngayon naman po kayo ang tutulongan ko.”

Ngayon na alam na ni Basilio ang lihim ni Simoun sinabi niya na, “Maaari kitang patayin ngunit hindi ko ito gagawin,” Noon nga ay naglahad ng saloobin si Simoun sa binata.

Makalipas ang labintatlong taon naparito akong muli ang sabi ni Simoun na kahabag-habag ang tinig. Naging biktima ako ng pamahalaang masama at dahil dito nagsikap upang magkaroon ng maraming salapi at matupad ang aking layon.



Nagbalik ako upang pigilan ang masamang pamahalaan na iyan. Pinaigting ko ang kasamaan ng pamahalaan, binayaang maghirap ang mga mamamayan upang sila’y magising at maghimagsik. Ngunit nang malapit ko na itong

mapagtagumpayan, saka niyo naman ninais ang papuri at pagtitiwala sa pamahalaan. Hiniling ninyo ang pagtuturo ng Wikang Espanyol na matutulad sa kamatayan. “Ano ang kabuluhan nito, upang lalo kayong hindi magkaintindihan?”

“Hindi po. Kung sa pagkatuto ng Wikang Espanyol ay mapapalapit sa pamahalaan, sa isang dako nama’y pagkakalapit ng mga pulo”, tugon ni Basilio.

Sinabi ni Simoun na nalilihis ng landas si Isagani at Macaraig sa pagnanais ng akademya ng Wikang Espanyol. “Hindi kita papatayin dahil kailangan ko ng kaagapay upang maliwanagan sila sa hindi magandang hangarin”, ang sabi ni Simoun kay Basilio.

Sumagot si Basilio na hindi siya pulitiko at kaya lamang siya sumang-ayon dito ay dahil nakatutulong ito sa pag-aaral. Mithiin niya lamang na makatulong sa pagpapagaling ng mga kababayang may sakit.

“Ano ang sakit sa katawan sa kasamaan ng pag-uugali? Anong kabutihan ang maibibigay mo sa iyong bayan na nagbigay ng buhay at karunungan. Hindi niyo ba nalalaman na ang buhay ay walang kabuluhan kung hindi nauukol sa dakilang layunin?”, tanong ni Simoun. “Hindi po ako tumatahimik, pinili ko lamang ang pansariling gawain, ang karunungan”, sagot ni Basilio.

“May ginawa ka ba para sa iyong ina at kapatid?”, tanong ni Simoun sa hindi pagkampi ni Basilio.

Sumagot si Basilio na walang magagawa ang paghihiganti sa nangyari sa kaniyang ina at kapatid.

“Ang pagpapaumanhin ay hindi kabaitan. Walang mang-aalipin kung walang mang-aalipin. Ililigpit ka nila kung kailan nila nais tulad ng ginawa nila sa akin,” wika ni Simoun.

“Nais ko lamang mamuhay ng payapa at magkaroon ng mga anak,” sagot ni Basilio. Pinigil ni Simoun ang usapan pagsapit ng umaga. “Basilio, hindi ko sinasabing itago mo ang aking lihim, ngunit sa oras na ika’y magsalita ako ang mag-aalahas na si Simoun, kaibigan ng mga pari at makapangyarihan ang siyang paniniwalaan hindi ang isang estudyante; na si Basilio. Kung magbago ang isip mo, puntahan mo lang ako sa tahanan ko sa Escolta, malugod kitang tatanggapin”.

Umalis na si Basilio at nagpasalamat. Tinanong ni Simoun ang sarili nang mapag-isa. “Ako kaya ay nagkamali? Siya kaya ay nag-alinlangan sa akin? Nawala kaya ang kaniyang pagiging makatao? Kung gayon, dapat mamatay ang mga walang kaya at matira ang malalakas.”

Basahin sa Aralin 5

KABANATA X: (KAYAMANAN AT KARALITAAN)




## ***Suriin***

### ***Pagtalakay sa mga Kabanata***

**Panuto:** Basahin at unawain ang mga tanong o pahayag sa bawat bilang. Pagkatapos ay sagutan ang bawat aytem. Isulat ang letra ng napiling sagot sa iyong sagutang papel.

1. Ano ang isinisimbolo ng Bapor Tabo?
  - A. Ang lipunang Amerika
  - B. Ang lipunang Espanya
  - C. Ang lipunang Pilipinas
  - D. Ang lipunang Pranses
2. Napag-usapan sa Bapor ang mga suliranin sa Ilog Pasig, paano umano ito malulunasan ayon kay Simoun?
  - A. Gumawa ng tuwid na kanal na magdudugtong sa lawa ng Laguna at sa look ng Maynila
  - B. Mag-alaga ng pato o itik
  - C. Palalimin ang Ilog
  - D. Tabunan ang Ilog
3. Ang lahat ay dahilan ng pagtutol ni Don Custudio sa solusyon na nais ni Simoun maliban sa isa dahil \_\_\_\_\_?
  - A. malaking pera ang kailangang gugugulin
  - B. maraming bayan ang kailangang sirain
  - C. walang ibabayad sa mga manggagawa
  - D. madadamay ang kaniyang mga lupain
4. Sino ang nakasagutan ni Don Custodio at ng ilang mga pari nang sabihing mag-alaga ng itik upang makapangitlong nang marami at maaaring gawing balut?
  - A. Donya Victorina
  - B. Padre Irene
  - C. Ben Zayb
  - D. Simoun
5. Ano ang pinakalayunin ni Simoun sa kaniyang pagbabalik?
  - A. maghiganti
  - B. magbenta ng mga alahas
  - C. mahukay ang kayamanan
  - D. mabigyang-solusyon ang suliranin sa Ilog Pasig



## Pagyamanin

**Panuto:** Ibigay ang kahulugan ng mga salita ayon sa sumusunod na pahayag. Piliin ang sagot sa kahon at itala sa kanang kolum. Gawin ito sa iyong sagutang papel.

- A. Kailangang ama ang pinakamatapang at matatag sa lahat ng panahon dahil siya ang batayan at idolo ng miyembro ng kaniyang pamilya habang sila ay lumalaki.
- B. Ang alak ay nagiging takbuhan upang mapawi pansamantala ang kaniyang suliranin subalit nagdudulot din ng pinsala at kaguluhan kung sobra at hindi kayang kontrolin ang sarili.
- C. Walang magsasamantala sa sinuman kung aalagaan niya ang kaniyang karapatan at hindi hahayaan na tapakan ito ng sinuman.
- D. Ang mga inaapi na maliliit ay nagiging dambuhala kung nagsama-sama para matamo ang kagantihan at hustisya.
- E. Ang pera o kayamanan ay napakahalaga at mas pinahahalagahan ng maraming taong kapos sa buhay kaysa dignidad at karapatan

Pahayag	Kahulugan
1. Napapawi ang bisa ng serbesa at pumapatay ng apoy kapag pinainit ay nagiging malawak na dagat at minsa'y nagwasak sa sangkatauhan at nagpayanig sa buong daigdig:	
2. Naghahari ang kayamanan sa lipunang kapos at nangangailangan	
3. Ang tubig ay nagiging singaw kapag ito'y inapuyan. Ito'y nagiging delubyo kung ang lahat ng maliliit ay hiwa-hiwalay na ilog ay nagsama-samang bumuhos dahil sa udyok ng kasawian sa baging hinuhukay ng tao!	
4. Walang mag-aalipin kung walang magpapaalipin.	
5. Ang mga amang duwag ay mag-aanak lamang ng mga alipin	





## ***Isaisip***

Ang teoryang pampanitikan ay ang sistematikong pag-aaral ng panitikan at ang mga paraan sa pag-aaral ng panitikan.

Mayroong iba't ibang teorya para sa pag-aaral na ito. Katotohanan kaysa kagandahan ang mababakas sa teoryang ito. Kahit sino, ano mang bagay at lipunan ay dapat makatotohanan ang paglalarawan o paglalahad. Nagpapahayag din ito ng pagtanggap sa katotohanan o realidad. Tulad sa akda, totoong ang tao ay nasisilaw sa ginhawang maibibigay ng kayamanan. Natanggap ng isang tauhan ang nangyari subalit tinakasan ng isang tauhan ang katotohanan at siya ay nawala sa sarili. Ang sobrang paghahangad ng materyal na bagay ay totoong makasisira rin sa tao.

### **Uri nito:**

#### **1. MORALISTIKO**

Sinusuri o tumatalakay sa pagpapahalagang ginamit, pinahahalagahan ang moralidad, disiplina, at kaayusang nakapaloob sa akda.

#### **2. SOSYOLOHIKAL**

Mahihinuha ang kalagayang panlipunan ng panahong kinatha ang panitikan.

#### **3. SIKOLOHIKAL**

Makikita ang takbo ng isip ng may katha, antas ng buhay, paninindigan, pinaniniwalaan, pinahahalaganahan, at mga tumatakbo sa isipan at kamalayan ng may-akda.

#### **4. FORMALISMO**

Pinagtutuunan ng pansin ang mga istruktura o pagkabuo kabisaan ng pagkakagamit ng matatalinghagang pahayag (sukat, tugma, kaisahan ng mga bahagi, teknik ng pagkakabuo ng akda).

#### **5. IMAHISMO**

Umusbong noong 1900. Nagpapatalas sa pandama ng mga mambabasa larawang-diwa o imahe sa ikagaganda ng akda mga salitang kapag binanggit sa akda ay nag-iiwan ng malinaw at tiyak na larawan sa isipan ng mambabasa.

#### **6. HUMANISMO**

“Ang tao ang sentro ng daigdig.” Binibigyang-pansin ang kakayahan o katangian ng tao sa maraming bagay.

#### **7. MARXISMO**

Pinakikita ang pagtutunggalian o paglalaban ng dalawang magkasalungat na puwersa, malakas at mahina, mayaman at mahirap, kapangyarihan at naaapi.

#### **8. ARKETIPO / ARKITAYPAL**

Gumagamit ng modelo o huwaran upang masuri ang elemento ng akda, nangangailangan ng masusing pag-aaral sa kabuoan ng akda sapagkat ang binibigyang-diin dito ay mga symbolismong ginamit upang maipabatid ang pinakamensahe ng akda.

## **9. FEMINISMO**

Maaaring tingnan ang imahen, pagpapakalarawan, posisyon at gawain ng mga babae sa loob ng akda at maaring ilantad din ang mga de kahong mga imahen ng mga babae sa akda, layon nitong labanan ang anumang diskriminasyon, *exploitation*, at operasyon sa kababaihan. Ang mga kilalang manunulat ng may pananaw feminista ay sina Lualhati Bautista, Genoveva Edroza Matute, Elynia Ruth S. Mabanglo.

## **10. EKSISTENSYALISMO**

Binibigyan-diin ang bahagi ng akda na nagpapakita ng mga paniniwala, kilos at gawi ng tauhan. Ang tao ay may malayang pagpapasya para sa kaniyang sarili upang mapalutang ang pagiging indibidwal nito at sa gayon ay hindi maikahon sa lipunan.

## **11. KLASISMO**

Pinahahalagahan ang katwiran at pagsusuri. Ang layon ay katotohanan, kabutihan, at kagandahan. Malinaw, marangal, payak, matimpi, obhetibo, magkakasunud-sunod, at may hangganan. Ang klasismo ay ang paggamit ng istilo o estetikong prinsipyo ng mga Griyego o Romanong klasikong arte at panitikan. Sa makabagong panahon, tumutukoy rin ito sa paggamit sa mga prinsipyo ng musika. Isa sa maituturing na halimbawa nito ay ang Florante at Laura ni Francisco Balagtas. (Klasismo mula sa salitang *classism* 'klas,izəm/) Panitikan sa Pilipinas (Villafuerte at Bernales).

## **12. ROMANTISISMO**

Binibigyang-halaga ang indibidwalismo, rebolusyon, imahinasyon, at likas. Pagtakas mula sa realidad o katotohanan, nagpapakita ng pagmamahal ng tao sa kaniyang kapwa, bayan, at iba pa mga sanaysay na nagpapahayag ng mga kaisipan sa pamamaraang di tuwiran, maaring di kapani-paniwala o sa paraang nakatatawa ngunit kung ito'y titignan nang mabuti ay makikita nating may iba itong kahulugan at kaisipan.


## **13. REALISMO**

Ang katotohanan ang binibigyang-diin at may layuning ilahad ang tunay na buhay, pinapaksa ang kalagayan na nangyayari sa lipunan tulad ng kurapsyon, katiwalian, kahirapan, at diskriminasyon. Madalas din itong naka pokus sa lipunan at gobyerno

## Gawain 1

**Panuto:** Isulat sa iyong sagutang papel ang letra ng napiling sagot ayon sa teoryang pampanitikan.

1. Sa pamamagitan ng teoryang ito, mahihinuha ang kalagayang panlipunan nang panahong kinatha ang panitikan.
  - A. Feminismo
  - B. Realismo
  - C. Romantisismo
  - D. Sosyolohikal
2. Pinakalayunin ng teoryang ito na itanyag ang kalakasan ng mga kababaihan sa tulong ng isang akda.
  - A. Feminismo
  - B. Realismo
  - C. Romantisismo
  - D. Sosyolohikal
3. Pagtakas mula sa realidad o katotohanan ang isa sa dahilan nito na nagpapakita ng pagmamahal ng tao sa kaniyang kapwa, bayan, at iba pa.
  - A. Feminismo
  - B. Realismo
  - C. Romantisismo
  - D. Sosyolohikal
4. Isang halimbawa nito ang paglalaban ng mahirap at mayaman.
  - A. Eksistensiyalismo
  - B. Feminismo
  - C. Marxismo
  - D. Realismo
5. Nagpapakita nito ang pagpapahalaga sa moralidad, disiplina, at kaayusang nakapaloob sa akda.
  - A. Formalistiko
  - B. Klasismo
  - C. Moralistiko
  - D. Sosyolohikal



## Isagawa

TANDAAN NATIN NA ang pinahahalagagan ng katangiang klasiko sa isang akda ang katwiran at pagsusuri. Layon ay katotohanan, kabutihan, at kagandahan, malinaw, marangal, payak, matimpi, obhetibo, magkakasunud-sunod, at may hangganan.

### Gawain 1: Dahil Mahalaga ang Reaksyon Mo

**Panuto:** Suriin ang mga pahayag sa unang kahon, pagkatapos ay itala sa ikalawang kahon ang iyong sagot sa katangiang klasiko. Gawin ito sa iyong sagutang papel.


<b>NABASA</b> <i>(Basahin at suriin ang pahayag at ang ibig nitong iparating na mensahe.)</i>	<b>REAKSYON</b> <i>(Gabay na tanong: Nangyayari rin ba sa tunay na buhay ang mga kaisipang nakapaloob sa pahayag? Iugnay ito sa kasalukuyang situwasyon.)</i>
1. Upang pigilin ang isang munting kasamaan, naglalagda ng lalong maraming batas na nagiging sanhi ng marami pang kasamaan. Ang bayan ay lalong sumasama kung napakaraming mga batas.	
2. Sapagkat ang mabuting pangangatawan ay naghahatid ng masayang isipan at ang kaligayahan ay nagpapabuti ng tao.	
3. Ang Kalayaan ay para sa tao; ang pagkatuto ay sa isipan. Ang karunungan ay ipinagkakaloob lamang sa sadyang karapat-dapat pagkalooban. Ang ipagkaloob iyan sa mga taong walang malinis na kalooban at mabuting asal ay kahalay-halay lamang.	


**Gawain 2: Dahil Talented Ka**

UPANG MAILARAWANG MABUTI ang isang mahalagang pangyayari o kaisipan, kailangang magtaglay ito ng artistikong sangkap tulad ng matatalinghagang salita, tayutay, pagbibigay ng halimbawa, pagpapalawak ng kaisipan, pag-uugnay sa tunay na mga pangyayari at iba pang mahuhusay na mga panlarawan tulad ng graphic organizer at mga guhit. Ang mga ito ang makatutulong sa mas epektibong pagpaparating ng mensahe sa mga mambabasa.

**Panuto:** Gamit ang matatalinhagang salita, tayutay, pagbibigay ng halimbawa, pagpapalawak ng kaisipan, pag-uugnay sa tunay na mga pangyayari, pumili ng isa sa mahalagang pangyayari sa akda na tumatak sa iyong isipan. Pagkatapos, sagutan ang *graphic organizer* sa ibaba. Maaari mo ring palitan ang *graphic organizer* o gumuhit upang maipakita mo ang iyong kasiningan sa pagpapahayag. Maaari ring gumamit ng karagdagang sagutang papel o media.

Karagdagan: ang iyong gawain ay bibigyan ng grado sa tulong ng pamantayan na nakalagay sa bahaging dulo ng araling ito.






## Tayahin

**Panuto:** Piliin ang mga sitwasyon o pahayag sa ibaba at isulat sa angkop na kolum. Gawin ito sa iyong sagutang papel.

1. Paggamit ng Bapor Tabo bilang simbolismo ng Pilipinas at ng kaniyang lipunan na nahahati sa kalagayang panlipunan ng mahirap at mayaman.
2. Ipinakita ni Simoun ang ilan sa mga suliranin na maging sa totoong buhay ay nangyayari rin, tulad ng malayong agwat ng mahirap at mayaman.
3. Sa kabila ng naranasang pait ni Basilio at pagkakaroon ng pagkakataon na makapaghiganti sa sinapit ng kaniyang ina at kapatid sa tulong ni Simoun ay pinili niyang tumangging maghiganti dahil iyon ang tama.
4. Ang isa sa dahilan ng di pagkakaunawaan ng mga tauhan sa akda ay ang malayong agwat ng mahihirap sa mayayaman na dahilan din ng kanilang paglalaban para sa karapatang pantao, pagtrato, at marami pang iba.
5. Ipinakita sa akda ang paglalaban ng dalawang puwersa dahil sa layo ng agwat nila sa lipunan

Teoryang Pampanitikan	Sitwasyon o Pahayag sa El Filibusterismo
1. Realismo	
2. Romantisismo	
3. Marxismo	
4. Humanismo	
5. Klasisismo	



## Karagdagang Gawain

**Panuto:** Makibalita sa mga kakilala ukol sa mga maiinit na balita o isyung panlipunan na nagpapakita ng kaugnayan sa mga pangyayari sa El Filibusterismo. Huwag kalimutang gamitan ng artistikong sangkap tulad ng matatalinhagang salita, tayutay, pagbibigay ng halimbawa, pagpapalawak ng kaisipan, pag-uugnay sa tunay na mga pangyayari. Maaaring gumamit ng dagdag na papel para sa iyong sagot. Maaari ring gawing batayan ang sumusunod na paksa:

- A. Pagtaas ng mga bilihan
- B. Paghingi ng dagdag na sahod ng mga manggagawa
- C. Resulta ng malaking agwat ng mayaman sa mahirap
- D. Karapatang Pantao
- E. Kontraktuwalisasyon sa trabaho.
- F. Kawalan ng Trabaho sa Panahon ng Pandemya
- G. Kalagayang ng Edukasyon at mga Mag-aaral sa Bagong Normal
- H. Kaligtasan sa Panahon ng Nakababahalang Dulot ng Pandemya




Mahusay mong naisagawa ang inaasahang pagganap. Patunay ito na naunawaan mo ang kabuoan ng ating aralin. Iminumungkahi ko na muli mong balikan ang pokus na tanong upang matiyak na tama ang kakailanganing pag-unawa na dapat matamo sa katapusan ng aralin.

### PAMANTAYAN

Pamantayan	Napakahusay (5)	Mahusay (4)	Di-gaanong Mahusay (3)	Kailangan pang Pagbutihan (2)
1. Kaisahan ng talata	Talagang nagpakita ng kaisahan ang mga talata	May kaisahan ang mga talata.	May isang pangungusap na nakasira sa kaisahan ng mga talata.	Walang kaisahan ang mga talata.
2. Panimula ng komposisyon	Nakatawag-pansin agad sa mambabasa ang panimula.	Naipahiwatig naman sa panimula ang paksa ng komposisyon.	Di-gaanong maayos ang ginawang panimula.	Walang ginawang panimula.
3. Organisasyon ng mga ideya	Talagang organisado at magka-kaugnay ang mga ideya sa komposisyon.	Maayos ang pagkakaugnay-ugnay ng mga ideya sa nabuong komposisyon	May ilan na nalihis ang ideya sa pagtalakay ng paksa.	Magulo ang organisasyon ng mga ideya sa nabuong komposisyon.
4. Kabuuang Pagkamalikha	Mayroon at kahanga-hanga ang artistikong sangkap tulad ng matatalinghagang salita, tayutay, pagbibigay ng halimbawa, pagpapalawak ng kaisipan, pag-uugnay sa tunay na mga pangyayari at iba pang mahuhusay na mga panlarawan tulad ng graphic organizer at mga guhit.	Nagpakita ng artistikong sangkap tulad ng matatalinghagang salita, tayutay, pagbibigay ng halimbawa, pagpapalawak ng kaisipan, pag-uugnay sa tunay na mga pangyayari at iba pang mahuhusay na mga panlarawan tulad ng graphic organizer at mga guhit.	Nagpakita ng artistikong minimal sangkap tulad ng matatalinghagang salita, tayutay, pagbibigay ng halimbawa, pagpapalawak ng kaisipan, pag-uugnay sa tunay na mga pangyayari at iba pang mahuhusay na mga panlarawan tulad ng graphic organizer at mga guhit.	Walang nakitang artistikong minimal sangkap tulad ng matatalinghagang salita, tayutay, pagbibigay ng halimbawa, pagpapalawak ng kaisipan, pag-uugnay sa tunay na mga pangyayari at iba pang mahuhusay na mga panlarawan tulad ng graphic organizer at mga guhit.

#### Interpretasyon:

Napakahusay	15-20
Mahusay	10-14
Katamtaman	5-9
Paghusayin	1-4



# Susi sa Pagwawasto

**PAGYAMANIN**

- a. Ang alak ang nagiging takbuhang mapawi pansamantala ang kanyang suliranin subalit nagduwlot din ng pinsala at kaguluhan kung sobra athindi kayang kontrolin ang sarili.  
 b. Ang pera o kayamanan ay napakahalaga at mas pinahahalagahan ng maraming taong kapos sa buhay kay sa dignidad at karapatan  
 c. Ang mga inaapi maliit ay nagiging dambuhala kung nagsama-sama para matamo ang kaganthian at hustisya  
 d. Walang magsasamantala sa sinuman kung aalagaan niya ang kanyang karapatan at hindi habayaan na tapakan ito ng sinuman.  
 e. Kailangang ama ang pinakamatapang at matatag sa lahat ng panahon dahil siya ang batayan at idolo ng miyembro ng kanyang pamilya habang sila ay lumalaki.

**ISAGAWA**

Gawain 1. Dahil Mahalaga ang Reaksyon Mo - Diskresyon ng mga Mag-aaral  
 Gawain 2: Dahil Talented Ka - Diskresyon ng mga Mag-aaral

**TAYAHIN**

Gawain 1

- Ipinakita ni Simoun ang ilan sa mga suliranin na magiging sa totoong buhay ay nangyayari din, tulad ng malayong agwat ng malayong agwat ng mahirap at mayaman.
- Paggamit ng Bapor Tabo bilang simbolo ng Pilipinas at ng kanyang lipunan na nahahati sa kalagayan ng mayayaman at mahihirap na pangkat.

**ISAISIP**

Gawain 1

- B  
 C  
 D  
 E  
 A

**TUKLASIN**

- D  
 D  
 D  
 A  
 A  
 A

**SURIIN**

- C  
 A  
 D  
 A  
 A

**BALIKAN**

- Ibarra  
 Elias  
 Pilosopong Tasyo  
 Guro Pari  
 Don Rafael

**SUBUKIN**

Gawain 1 Iugnay Natin

- /
- X
- /
- X
- /
- /
- X
- X
- /
- X
- X

Gawain 2 BAKA ALAM MO NAI

- B  
 D  
 A  
 A  
 D  
 B



## ***Sanggunian***

- De Guzman, Ma. Odulio. 1960., Ang “El Filibusterismo” – Rizal, First Revised Edition, National Bookstore.
- De Vera, Estrella E, et al, 2002. El Filibusterismo (Obra Maestra IV), Rex Bookstore.
- Nem Singh, Eosario P. 2003, El Filibusterismo ni Dr. Jose Rizal, Binagong Edisyon, ISA-JECHO PUBLISHING.
- Marasigan, Emily V. 2017 Pinagyamang PLUMA 10 (k to 12), Karapatang-ari ng Phoenix Publishing House, Inc.
- Villafuerte, Patrocino V. et a 2009l, Panitikang Panrehiyon sa Pilipinas, Mutya Publishing House, Inc, Malabon, Metro Manila.
- Wong, Eduardo E. et al 2018, Kayumanggi sa El Filibusterismo (Unang Bahagi), Leo-Ross Publication, Imus, Cavite.
- Wong, Eduardo E. et al 2018, Kayumanggi sa El Filibusterismo (Ikalawang Bahagi), Leo-Ross Publication, Imus, Cavite.

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex  
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: [blr.lrqad@deped.gov.ph](mailto:blr.lrqad@deped.gov.ph) \* [blr.lrpd@deped.gov.ph](mailto:blr.lrpd@deped.gov.ph)